

Gitnang Immersion sa Pranses (Middle French Immersion)

Ano ang Gitnang Immersion sa Pranses?

Ang Gitnang Immersion sa Pranses ay isang masinsinang Pranses bilang Ikalawang Wika na programa. Ang programang ito ay nagsisimula sa Baitang 4. Ang modelo ng pagtuturo para sa programa ng Gitnang Immersion sa Pranses ay 100% Pagtuturo ng Pranses para sa mga Baitang 4 at 5. Ang lahat ng mga aktibidad sa klase sa mga Baitang 4 at 5 ay isinasagawa sa Pranses. Sa mga Baitang 6 hanggang 8, ang modelo ng Pagtuturo ng Pranses ay 75% na Pranses. Ang lahat ng mga paksa ay ituturo sa Pranses maliban sa Wikang Ingles at Agham. Ang isang dalubhasang paksa (hal. Kalusugan at Pisikal na Edukasyon) ay maaaring ituro sa Ingles, kung kinakailangan dahil sa pagtatala-orasan.

Para saan ang Gitnang Immersion sa Pranses?

- ✓ Dinisenyo para sa mga pamilya na nagsasalita ng isang wika maliban sa Pranses sa bahay.
- ✓ Ang lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 3 na programang Ingles ay karapat-dapat na mag-aplay upang magsimula sa Baitang 4.
- ✓ Matindi kaming naniniwala na ang lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahang mag-aral ng ibang wika kaya ang mga mag-aaral ng lahat ng mga estilo ng pag-aaral at mga pinagmulang wika ay malugod na tinatanggap at sinusupportahan sa programa.
- ✓ Ang Gitnang Immersion sa Pranses na programa ay nababagay sa mga pamilya na interesado sa pagkakataon na paunlarin ang kahusayan sa Pranses, ngunit marahil ay lumipat sa TDSB pagkatapos ng Maagang Immersion sa Pranses na punto ng pagpasok.
- ✓ Ito rin ay nababagay doon sa mga, para sa anumang dahilan, ay nais na isaalang-alang ang pagkakataon ng Immersion sa Pranses kapag medyo lumaki ang kanilang anak.

Mga Benepisyo ng Gitnang Programa ng Immersion

Ang Gitnang Immersion sa Pranses na programa ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral ng anumang pinagmulang wika na magpaunlad ng isang mataas na antas ng kahusayan sa Pranses. Ang pag-aaral ng ibang wika sa ganitong paraan ay nag-aalok din ng maraming ibang mga benepisyo sa mga mag-aaral kabilang ang:

- ✓ Pag-aaral sa ibang wika ay napatunayan na nakakapagpahusay sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pangunahing wika.
- ✓ Ang pag-aaral ng ibang wika ay nag-aalok ng ibang nagbibigay-malay na mga benepisyo katulad ng lubos na napaunlad na pag-iisip at mga kasanayan sa pag-aaral na ginagamit ng mga mag-aaral sa lahat ng mga lugar ng kanilang mga pag-aaral.
- ✓ Ang kahusayan sa mahigit sa isang wika ay nagbubukas ng mga pintuan ng pagkakataon sa mga mag-aaral para sa kinabukasan.
- ✓ Ang mga bilinggwal na mga mag-aaral ay bumubuo ng malakas na mga kasanayan sa komunikasyon sa pangkalahatan at maaaring mas madaling matuto ng karagdagang mga wika.

Impormasyon sa Aplikasyon

Para sa impormasyon sa Panggitnang Immersion sa Pranses na programa at proseso ng aplikasyon, pakibisita ang www.tdsb.on.ca/French.

Sa kasalukuyan, oportunidad ng aplikasyon para sa Gitnang Immersion sa Pranses na programa ay sa **Enero** ng bawat taon. Mangyaring sumangguni sa website sa maagang bahagi ng Setyembre para sa impormasyon sa mga huling araw ng aplikasyon para sa isang ibinigay na taon.

Mahalagang tandaan na habang ang paglalagay sa programa ay garantisado sa lahat ng mga karapat-dapat na nasa-oras na aplikante, ang paglalagay sa isang partikular na paaralan ay **HINDI** garantisado.

Ano ang sinasabi ng pananaliksik?

“Ang isang masidhing dosis ng 'immersion' sa isang wika ay karaniwang mas mabisa para sa pag-aaral nito kaysa sa kaparehong dosis na ikinalat sa mas mahabang panahon.”
(Weshce, 2002)

Ipinakita ng datos na ang mga mag-aaral na nakatala sa mga immersion sa Pranses na programa ay nadaig ang kanilang mga katapat sa mga hindi-immersion na programa sa pagganap sa pagbabasa.

<https://www150.statcan.gc.ca/n1/daily-quotidien/040322/dq040322a-eng.htm>

“Ang mga mag-aaral sa FI ay nagkakamit ng masulong na kahusayan sa Pranses pati na rin sa karunungan sa nilalaman ng paaralan (Agham, mga Araling Panlipunan, Matematika atbp) na katumbas sa parehong mga mag-aaral na nag-aaral ng nilalamang ito sa Ingles.”
(Wesche, 2002)

Ang mga pag-aaral mula sa iba't ibang mga bahagi ng Canada ay walang natagpuan na negatibong mga epekto para sa mga mag-aaral ng EFI o MFI na elementaryang paaralan ng immersion sa matematika, agham at araling panlipunan na pagkakamit kung susuriin sa Ingles.
(Wesche, 2002)

Bagaman ang unang wika ng isang bata ay maaaring hindi maging ang panlipunang wika, ang mga bata ay maaaring matagumpay na matuto ng karagdagang wika, tulad ng Pranses, habang magkasabay na nag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika. (O'Brien, 2017)

Ang mga kasanayan sa ikalawang wika ay madalas na mataas na pinahahalagahan at inaasahan ng mga potensyal na tagapag-employo.
(O'Brien, 2017)

Nakita sa isang pag-aaral na naghahambing ng isang 50% na programa sa isang 80% na Pranses na programa na ang pagdadagdag ng kasidhian ng Pranses sa isang programa ng immersion sa Pranses sa pamamagitan ng pagtuturo ng matematika sa Pranses ay malakas na nauugnay sa isang positibong epekto sa pagtatagumpay sa matematika. (Bournot-Trites & Reader, 2001)

Bibliograpiya

Bournot-Trites & Reader (2001) Interdependence Revisited: Mathematics Achievement in an Intensified French Immersion program, Canadian Modern Languages Review (58/1) September.

Wesche, M.B. (2002) Early French Immersion: How has the original Canadian model stood the test of time? An Integrated View of Language Development, Petra Burmeister, Thorsten Piske, and Andreas Rohde (Eds), WVT Wissenschaftlicher Verlag Trier
www.fmks-online.de/_wd_showdoc.php?pic=865.

Statistics Canada, (2004) Student Reading Performance in Minority Language Schools. <https://www150.statcan.gc.ca/n1/daily-quotidien/040322/dq040322a-eng.htm>

O'Brien (2017) Literature Review on the Impact of Second Language Learning, Canadian Association of Second Language Teachers
<https://www.caslt.org/files/pd/resources/research/Lit-review-Impact-L2-Learning-Exec-Summary.pdf>